

AWIT NG ISANG DUKHA (Hontiveros)

1. Ang pasakit ko'y timbangin
ang hilahil ko'y sukatin
kay bigat-bigat damhin ang hirap
langit Mo ang dalangin
Koro: Dukha ako sa iyo'y sasandig
ikaw yaman ko ako'y nananalig.
2. O Hesus iyong aluin
bigyan mo saglit ng pansin
ang dukhang laging nagduduhagi
at sa 'yo bumabaling.

DAKILANG PAG-IBIG (Pangilinan-. Hontiveros)

- Koro: Dakilang pag-ibig saan man manahan
Diyos ay naroroon walang alinlangan.
1. Tinipon tayo sa pagmamahal
ng ating Poong si Hesus
tayo'y lumigaya sa pagkakaisa
sa Haring nakapako sa krus
 2. Purihi't ibigin ang ating Diyos
na syang unang nagmamahal
kaya't buong pag-ibig rin nating maahalin
ang bawa't kapatid natin.

ANG MABUHAY SA PAG-IBIG

1. Ang mabuhay sa pag-ibig ay pagbibigay
Na di nagtatanya ng halaga
At hindi naghihintay ng kapalit
Pagbibigay walang pasubali
Naibigay ko nang lahat
Magaan akong tumatakbo
Dukha man ako sa lahat
Dukha man ako sa lahat
Ang tangi kong yaman ay mabuhay sa pag-ibig.
2. Ang mabuhay sa pag-ibig ay paglalayag
Na hantunga'y payapa't may galak
Sa maalab na udyok ng pag-ibig
Hinahanap kita sa'king kapwa
At s'yang tanging tumatanglaw:
Bituin sa aki'y patnubay
Diwa sa paglalakbay, sandigan, lakas at tibay
Laging awit ang sagisag
Ang mabuhay sa pag-ibig.

Mga awit sa MALIIT NA MISAL 2005 TAON A

JULY 3, 10, 17, 24, 31

DCLM
musika ng malolos

Diocesan Committee on Liturgical Music, Diocese of Malolos

PAMBUNGAD NA AWIT

MAGPURI SA PANGINOON (Hontiveros)

Koro: Magpuri kayo sa Panginoong Diyos
Lahat ng sangtinakpan
Magsiawit kayo at Siya'y ipagdangal
magpakailanman.

1. Magpuri kayo mga anghel ng Diyos
sa Panginoon Maykapal
Magpuri kayo mga langit
sa Diyos na sa 'nyo lumikha.
2. Magpuri kayo sa Panginoong
buwan at araw at bitwin
Umawit sa Kanyang karangalan,
ulan hamog at hangin.

SA PIGING NG PANGINOON (Tabuena-Hontiveros)

Koro: Sa piging ng ating Panginoon
tayo'y laging nagtitipon
Upang matutong magmahalan
sa pag-ibig na nakamtan.

1. Buhay ay inalay Nya sa dakilang Diyos Ama
Upang atin nang makamtan buhay na walang hanggan.
2. Buhay ay inalay Nya upang tayo'y magkaisa
Sa paghahatid ng ligaya mula sa pag-ibig Nya.

ANG DIYOS ANG SIYANG SUMASAKLOLO
(Lucio D. San Pedro)

Koro: Ang Diyos ang Siyang sumasaklolo sa akin,
ang Panginoon ang umaalalay sa aking buhay
Kusang loob akong maghahandog ng hain sa Iyo
Magpupuri ako sa 'Yong pangalan,
O Panginoon dahil sa 'Yong kabutihan.

1. Makapangyarihang Diyos, ako ay iligtas,
Ipagsanggalang Mo niyong Iyong lakas.
2. Dinggin Mo, O Diyos, itong Iyong anak,
Sa aking dalanging ngayo'y binibigkas.

- (maaaring makarequest ng pyesa mula sa Office ng Liturgy
o mag e-mail sa dclm_malolos@yahoo.com)

AWIT SA PAG-AALAY

SUMASAMO KAMI SA 'YO

1. Sumasamo kami sa 'yo, marapatin yaring alay
Panginoon tanggapin mo itong alak at tinapay.
2. Sa 'yo Poon aming handog: buong puso't pag-iisip
Ilayo mo sa panganib at kupkupin sa pag-ibig.
3. Buhay nami'y nakalaan sundin ang 'yong kalooban
Lugod naming paglingkuran layunin ng Kaharian.

PAGHAHANDOG NG SARILI
(Francisco)

Kunin mo, O Diyos at tanggapin mo
Ang aking kalayaan ang aking kalooban
Isip at gunita ko lahat ng hawak ko
Ng lob ko ay aking alay sa 'yo.
Nagmula sa 'yo ang lahat ng ito
Muli kong handog sa yo patnubayan mo't paghariang lahat
Ayon sa kalooban mo
Magutos ka Panginoon ko
Dagling tatalima ko ipagkaloob mo lang
Ang pag-ibig mo at lahat ay tatalikdan ko
Tatalikdan ko.

ANG KADAKILAAN NG DIYOS
(Lucio D. San Pedro)

Koro: Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari
aking ihahayag.
Di ko titigilan, di ko titigilan
magpakailanman ang magpasalamat.

Aking pupurihin at pasasalamatan
Siya araw araw
Di ako titigil ng pasasalamat
magpakailanman.

- (maaaring makarequest ng pyesa mula sa Office ng Liturgy
o mag e-mail sa dclm_malolos@yahoo.com)

AWIT SA PAKIKINABANG

SA DIYOS LAMANG MAPAPANATAG (Salmo 62&23)
(Isidro-Que)

Koro: Sa Diyos lamang mapapanatag
ang aking kaluluwa
sa kanya nagmumula
ang aking pag-asa at kaligtasan.

1. O D'yos ikaw ang aking kaligtasan
nasa 'yo aking kaluwalhatian
ikaw lamang aking inaasahan
ang aking moog at tanggulan.
2. Paniniil di ko pananaligan
puso'y 'di ihihilig sa yaman
kundi sa D'yos na makapangyarihan
na aking lakas at takbuhan.
3. Poon ika'y puno ng kabutihan
Pastol kang nagmamahal sa kawan
inakay sa luntiang pastulan
tupa'y hanap mo kung mawaglit man.

PANGWAKAS NA AWIT

TANDA NG KAHARIAN NG DIYOS

(L.Morano– M. Francisco)

(Tinapay ng Buhay)

Koro: Humayo na't ipahayag, kanyang pagkaliunga't habag!
Isabuhay pag-ibig at katarungan, tanda ng Kanyang kaharian!

1. Sa panahong tigang ang lupa, sa panahong ang ani'y sagana
Sa panahon ng digmaan at kaguluhan, sa panahon ng kapayapaan.
(koro)
2. Ang mga dakila't dukha, ang banal at makasalanan
Ang mga bulag at lumpo, ang api at sugatan, ang lahat ay inaan-
yayahan. (koro)

ANG TAWAG NG PANAHOON

(Tinio-Hontiveros)

Koro: Dapat nating marinig
ang kapwang humihibik
ang mata'y mamulat pag may nagtitiis
mabuksan palad at dibdib.

1. Pag-unawa'y dapat lumawak
sa pagdamay puso'y makayag
at sa bawa't kilos mo at balak
ang budhi ba'y pumapayag?
2. Sa pag-asa ay maturuan
sinumang sawing tutulungan
at sa hirap nyang kinasuungan
mapalaya siyang tulungan.

MAPAPALAD

(Fruto Ll Ramirez, S.J)

1. Mapapalad kayong mahihirap,
ang kaharian ng Diyos ay sa 'nyo
Mapapalad kayong nagugutom sapagkat bubusugin kayo
Mapapalad kayong nahahapis sapagkat aaliwin kayo

Koro: mapapald Panginoon ang abang katulad Mo
Mapapald Panginoon ang abang katulad mo

2. Mapapald kayong maawain kaaawaan kayo ng Diyos
Mapapalad kayong tumatangis sapagkat liligaya kayo
Mapapalad kayong inuusig maaghahari ang Diyos sa inyo. (koro)

DCLM UPDATES

Request for Misal Songs, schedule your music seminars and choir recollections, get updated on liturgical music, share infos and ideas, get connected with DCLM ONLINE!!!

Email: dclm_malolos@yahoo.com

Yahoo Group: DCLM_MALOLOS

Website: <http://dclmmalolos.tripod.com>

Friendster: DCLM

Attention:

1. Sa mga nagnanais humingi ng kopya ng mga piyesa ng awit sa Misal, maaaring mag-email sa DCLM. Hindi po naming maaaring i-upload sa website ang mga piyesa lalo na ng mga awiting may copyright ng composer. Available din po sa mga book-stores ang mga songbook na pinagkukuhanan ng mga awitin, maliban na lamang kung ang mga awit ay orihinal na likha ng DCLM.
2. Para sa ating mga composers, tumatanggap na ang DCLM ng mga awiting orihinal na likha (liturgical ang inspirational) ninyo para sa ating DCLM songbook.